

Nakatuon ang Contra Costa County sa pagiging isang county na malugod na tumatanggap ng mga refugee, imigrante, at para sa lahat ng miyembro ng ating komunidad.

UPDATE SA IMIGRASYON AT PUBLIC CHARGE

Abril 2021

PAGTAPOS SA MGA PAGBABAGO SA PANUNTUNAN SA PUBLIC CHARGE

Noong **Marso 9, 2021**, sumang-ayon ang Korte Suprema ng Estados Unidos na ibasura ang mga nakabinbing kasong may kaugnayan sa pagpapalawak ng panuntunan sa "public charge (dayuhang tumanggap ng mga pampublikong benepisyo)," ayon sa kahilingan ng Administrasyong Biden ([tingnan ang Pahayag ng Kalihim ng Departamento ng Seguridad ng Inang-bayan \(Department of Homeland Security, DHS\) tungkol sa Panuntunan sa Public Charge ng 2019](#)). Bilang resulta, permanenteng hinadlangan ang mga pagbabago sa panuntunan sa public charge ng Departamento ng Seguridad ng Inang-bayan (DHS) na ginawa ng nakaraang administrasyon, at hindi na gagamitin ng DHS ang mga pagbabago sa panuntunang iyon. Ibinabalik ng aksyong ito ang matagal nang patakaran sa public charge ng Estados Unidos.

Noong **Marso 19, 2021**, binawi rin ng DHS ang iminumungkahing pagbabago sa panuntunan na nakakaapekto sa affidavit ng suporta para mabawasan ang mga pasanin ng mga Amerikanong pamilyang nais na mag-sponsor ng mga indibidwal na mangingibang-bayan sa U.S. Maaaring magpatupad ang pagbabago sa panuntunan ng mas mahihigpit na pangangailangan sa sponsor (na karaniwan ay isang miyembro ng pamilya) para sa pagtanggap ng pinansiyal na responsibilidad sa ngalan ng isang imigrante.

Ano ang Public Charge?

Ang public charge ay isang katawagang ginagamit para ilarawan ang isang taong maaaring maging dependent ng o umaasa sa gobyerno para sa kanyang pamumuhay. Ang pagsusuri ng USCIS ay isang salik sa pagtukoy sa kung sino ang mabibigyan ng pahintulot na pumasok sa U.S., sino ang maaaring magpa-renew ng mga partikular na pansamantalang visa at sino ang makakatanggap ng Legal na Permanenteng Paninirahan (Lawful Permanent Residency, LPR) – na kilala rin bilang green card. Bumalik na ang kahulugan at pagpapatupad ng public charge sa pinakabagong pederal na interpretasyon, ang patnubay sa field na mula pa sa higit 20 taon nang nakalilipas.

Ano ang Mga Alalahanin tungkol sa Pagbabago sa Panuntunan Noong Nakaraang Taon?

Naapektuhan ng panuntunan sa public charge ng nakaraang administrasyon ang mga programang pinopondohan ng publiko na nakakatulong sa mga pamilya sa pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan ng kanilang mga anak, at nagbibigay ng proteksyon laban sa mga negatibong epekto ng kagipitan. Maaaring pinahina ng panuntunan ang loob ng maraming imigranteng pamilya sa pag-access ng mga benepisyo kung saan kwalipikado sila, na sa ilang kaso ay maaaring nagresulta sa pagpili ng mga pamilya sa pagitan ng pagkuha ng pagkain, pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong kailangan nila, at ng pagkuha pagkakaroon ng citizenship na sinusubukan nilang makamit sa legal na paraan. Binaligtad ng pagbabago sa panuntunan ng 2019 ang isang siglo ng umiiral na pamamalakad at gawi sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga uri ng benepisyo isinasaalang-alang para sa public charge, kabilang ang mga programang non-cash, sa unang pagkakataon.

Ano Ang Ibig Sabihin Nito para sa Iyo at sa Iyong Pamilya NA TUMATANGGAP NG MGA MAHALAGANG SUPORTA?

Kung tumatanggap ka at ang iyong pamilya ng mahalagang tulong tulad ng hindi pang-emergency na **Medi-Cal, CalFresh, mga Section 8 voucher o iba pang tulong sa pabahay na tinutustusan ng publiko, hindi** itinuturing ng Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng U.S. (U.S. Citizenship & Immigration Service, USCIS) ang iyong pagtanggap ng mga benepisyo ng ito bilang bahagi ng pagtukoy sa hindi pagpapapasok o pagtanggap sa "public charge." Bilang karagdagan, ang medikal na paggamot o mga serbisyong pang-iwas sa COVID-19, kabilang ang mga bakuna, ay hindi isinasaalang-alang para sa mga layunin ng public charge ([tingnan ang Pahayag ng DHS sa Litigasyong may Kaugnayan sa Batayan sa Hindi Pagtanggap sa Public Charge](#)).

Nandito ang EHSD para PAGLINGKURAN KA

Patuloy kaming naghahatid ng mga de-kalidad na serbisyo at access sa mga mapagkukunan na sumusuporta, pumoprotekta at nagbibigay-kakayahang sa mga indibidwal at pamilya para magkaroon ng kakayahang mamuhay nang hindi umaasa sa tulong ng iba, na ginagawa namin sa buong pagbabago sa panuntunan sa public charge. Hinihikayat namin ang mga miyembro ng komunidad na mag-apply para sa at tumanggap ng mga benepisyo kung saan kwalipikado sila. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa imigrasyon at public charge, kabilang ang anumang mga pangyayari sa legal na usapin, mangyaring **mag-text sa (925) 510-3054** o bumisita sa www.ehso.org/charge.

Mga Karagdagang Mapagkukunan:

[Page sa Imigrasyon ng EHSD.org](#)

[Pinoprotektahan ang mga Imigranteng Pamilya - Ang Mga ABC ng Public Charge](#)